# KAPASIYAHAN BLG. 2021-22

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 002, H-2020 NAUUKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN AT KAUTUSAN BLG. 002, H-2020 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG TALAMPAS, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA DAAN TATLUMPU'T DALAWANG LIBO, PITUMPU'T WALONG PISO AT PITUMPUNG SENTIMO (PHP432,078.70)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Talampas para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP432,078.70;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Talampas at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Talampas ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 002, H-2020 ng Sangguniang Kabataan Talampas, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Apat na Daan Tatlumpu't Dalawang Libo, Pitumpu't Walong Piso at Pitumpung Sentimo (PhP432,078.70).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-2 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim